Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION
REGION IV-A CALABARZON
Gate 2, Karangalan Village, Cainta Rizal

KALATAS PANREHIYON
Bilang 747 s, 2016

PARA SA : **MGA TAGAPAMANIHALA NG MGA SANGAY NG PAARALAN**

MULA KAY : **DIOSDADO M. SAN ANTONIO**
Patnugot V

PAKSA : **PANREHIYONG PALIGSAHAN IISPEL MO!**

PETSA : 27 Oktubre 2016

DepEd Region IV-A ICT Unit RECEIVED 7815 11.3.16 ohp

Kaugnay sa ating gaganaping Panrehiyong Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!, ang lahat ay inaasahang nakahanda na para sa gaganaping timpalak sa 18 Nobyembre 2016. Ang ating timpalak sa unang pagkakataon ay sa pamamagitan ng tool na ginagamitan ng internet sa pakikipagtulungan ng Tanggapan ng Patnugot - ICT Unit.

Narito ang mga alituntunin at patakaran ng timpalak na ating isasakatuparan.

Alituntunin at Patakaran ng Paligsahan:

1. Ang paligsahan ay sa 18 Nobyembre 2016. Sa araw na ito ang mga kinatawan ay dapat na nakaharap na sa kanilang mga gagamiting computer na inihanda ng mga Tagamasid Pansangay sa Disiplinang Filipino.

2. Ang oras ng timpalak sa Ispeling ay sa ganap na 9:00 ng umaga. Sa sandaling sumapit ang oras na ika-9, magsisimulang lalabas ang mga tanong sa web hanggang sa ito ay matapos.

3. Uumpisahan ang timpalak sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbangin:

Mga kinakailangan bago at sa oras ng paligsahan:

BAGO MAGPALIGSAHAN

- Kinakailangan na ang mga kalahok na magkaroon ng tinatawag na "gmail account."

- Kinakailangang maibigay ang nasabing 'gmail account' ng mga kalahok sa R4AICTUnit@gmail.com sa ika-15 ng Nobyembre 2016 o sa mas maaga pang araw.

  SA ORAS NG PALIGSAHAN

  ***Ang mga susunod pang pamamaraan ay ipadadala sa pamamagitan ng inyong 'gmail account.'

  A. **ISANG ORAS bago magpaligsahan (8:00 ng umaga sa Nobyembre 18, 2016), ang bawat kalahok ay dapat nang basahin ang mga alituntunin at patakaran ng timpalak. Kung may katanungan, tumawag kay G. Rey M. Valenzuela sa teleponong 09982821775 o dili kaya ay makipag-ugnayan sa kanyang email na rey.valenzuela@deped.gov.ph.**
  B. **Sa oras ng timpalak, ang bawat kalahok ay dapat nang nakaupo sa kanilang gagamiting computer. Kasama dito ang kanilang ICT Officer. Inaasahan na ang ICT officer ay hindi makikialam pagdating sa sagot ng mga kinatawan sa timpalak,**

- Sa harap ng ICT Officer, ang mga mag-aaral ay babantayan sa bawat gawaing isasakatuparan kapag nag-umpisa na ang timpalak. Sa sandaling magkaroon ng suliranin sa pagsend ng sagot, dito kinakailangan ang tulong ng ICT Officer. Ipaalam agad ito kay G. Rey Valenzuela, ang ICT Officer ng Rehiyon.

- Sa unang 10 tanong, bibigyan ang mga mag-aaral na sagutin ito sa loob lamang ng 5 minuto. Sa sandaling matapos ang limang minuto, kailangang maipadala sa rehiyon ang sagot. Hindi na tatanggpin ng 'web' ang huling makapagsusumiti ng sagot.

- Pagkatapos ng 1 minutong pahinga, muling magpapadala ng panibagong 10 tanong na sasagutin lamang sa loob ng 3 minuto. Muling ipadadala ang mga sagot. Gayundin ang proseso. Isasara ang web upang di makapasok ang mga nahuling magbigay ng sagot.

- Sa huling bahagi, bibigyan muli ng 5 minuto ang mga kalahok para sagutin ang nalalabing tanong. Pagkatapos nito, isasara na ang paligsahan. Pagkatapos ng pagtatama ng mga piling hurado mula sa Rehiyon ay ilalabas na ang mga pangalan ng mga nagsipagwagi sa nasabi ding web at nasabi ding araw ng timpalak.

- Ang hatol ng inampalan ay **DI NA MAAARI PANG PASUBALIAN. ITO AY DI NA MABABAGO PA.**

  Inasahan ang inyong pakikiisa sa bagong sistema ng paligsahang ito.

CLMD/EMH